

CHAPTER *One*

*N*anghahaba ang leeg ni Maricar Mantecajon para hanapin ang kanyang Ate Samantha. Inimbita siya sa kaarawan ng mother-in-law nito. Naging malapit na rin siya sa pamilya Dait.

“Balak mo yatang mang-akit ng mga lalaki ngayong gabi.” Nagulat siya nang marinig ang pamilyar na boses mula sa kanyang likuran. Nagtagis mga ngipin niya at napadabog. Idinalangin pa naman niya na sana maglaho na sa mundo si Benedict Pantaleon.

Nagpupuyos na hinarap niya ang lalaki. Kamuntik pa niya itong mabangga, hindi niya inakala na ganoon pala ito kalapit. Napasinghap siya at napahakbang paatras. Napalagok siya at

natameme sandali nang matitigan ang guwapo at matikas na binata.

Kailangan pa niyang tumingala para matitigan ito sa mga mata. Naaaliw ang bilog at maitim nitong mga mata na nakatitig sa kanya. At may nakasilay na nakakalokong ngiti sa mga labi nito na siyang nagpabalik sa kanyang katinuan at nagpaalala kung sino ang kaharap. Pasakit ang lalaki para sa kanya. At naguguwapuhan siya rito? Hindi niya itinago ang pag-ismid.

He could go to hell for all I care!

Matalim ang mga mata niyang nakatingin kay Benedict. “Leave me alone,” asik niya.

“Bakit naman kita tatantanan? Gusto ko lang na mapansin mo ako,” sabi nito na nakangising-kalabaw.

Nakipagtagisan siya ng tingin. “Wala ako sa mood. Kung ayaw mong mapahiya, lumayo-layo ka na lang sa akin. Baka hindi ako makapagpigil at masipa pa kita.”

“Talaga? Hindi ka mag-a-attempt na sampalin ako sa pangalawang pagkakataon?”

Nanggagalaiti talaga si Maricar kapag naalala ang araw na ipinakilala siya sa lalaki. Sayang nga lang at nasalo nito ang kanyang kamay nang subukan

niya itong sampalin.

Sinuri siya nito ng tingin mula sa kanyang ulo at pababa. Bigla siyang naasiwa sa ginawa nito. Kinilabutan siya nang magtagal ang paningin nito sa kanyang nakahantad na mga binti.

“Hmm... tama nga’ng hula ko na nagpunta ka rito para akitin ang mga kalalakihan. Napakaiksi ng suot mo, gusto ko na tuloy maglaway,” anito na pilyong nakangisi.

Natigagal ang dalaga at pinamulahan ng mukha. Naikuyom niya ang mga palad. Lalo pang kumulo ang kanyang dugo. Bakit ba ayaw siyang tantanan ng buwisit na lalaki?

Nagtagis ang mga bagang ni Maricar. “Ano naman ang pakialam mo sa suot ko? Hindi kita ama,” galit niyang pahayag bago ito tinalikuran at iniwan.

Hindi niya nagustuhan si Benedict mula nang una pa silang nagkakilala. Mula noon ay naging mainit na ang dugo niya sa lalaki. Lalo pa niyang ikinaiinis nang madalas siyang binubuwisit nito kapag nagkikita sila. Kung wala lang sila sa party, siguradong sininghalan na niya ito at nabigyan ng tadyak. Kung maka-criticize ito, akala mo kung sino.

Ano naman ang mali sa suot niyang party dress? Well, hindi lang siya ang nakasuot ng maiksing

damit doon. Kina-career na yata ng lalaki na inisin siya kapag nagkikita sila.

Nahanap ni Maricar ang Ate Samantha at napaupo sa tabi nito.

“O, bakit nalukot iyang mukha mo?” tanong ng kapatid niya.

“Grr! Iyang si Benedict ang dahilan. Kararating ko lang at na-bad trip na agad ako nang makita ko siya. Ang sarap talaga sapakin sa mukha!”

“Ano na naman ba ang pinagbangayan ninyong dalawa?” Walang epekto rito ang madalas na bangayan nila ng binata. May gusto lang daw ang huli sa kanya. Gusto niyang masuka nang sabihin iyon ng kapatid.

“Ate, kini-criticize ni Ben ang suot ko kahit di ko hiniling ang opinyon niya. Hindi ko nga inasahan na lalapitan niya ako para lang kutyain. Gusto ko talagang sakalin ang lalaking ’yun.”

Nginisihan siya ni Sam. “At paano mo naman ’yun gagawin? Eh, five feet ka lang samantalang six feet ang tangkad ni Ben.”

Napanganga siya. “Pati ba naman ikaw, kinukutya ako?” iritadong tanong niya.

“Kalma lang, ang dali mo kasing mapikon kaya sinasadya kang pikunin ng tao.”

“Pagiging bastos na ang ginagawa niya,” reklamo ni Maricar. “Hindi ko makakalimutan ’yung ginawa niya sa araw ng kasal mo. Kumukulo pa rin dugo ko pag naalala ko ang pangyayaring iyon.” Naibahagi na niya sa kanyang ate ang tungkol sa panlalait ni Benedict sa nobyo niya.

Napahagikgik si Samantha. “In fairness, hindi mo naman puwedeng ikumpara si Ben kay Josh. Sa hitsura pa lang ay ang layo na nila. Boto din naman ako sa boyfriend mo; mabait at mapagmahal na anak pero—”

“Hindi matangkad at hindi guwapo.” Siya ang tumapos sa gustong sabihin ng kapatid niya at napasimangot siya.

“Hindi naman sa gan’un. Halos magkaparehas lang kasi kayo ng height, eh. Pero s’abi naman nila, hindi sukatan ang physical na kaanyuan sa pagmamahal.”

“Masaya ako sa pinili ko kaysa naman maghanap ako ng guwapo pero babaero pala at sinungaling. Kay Josh, ligtas ang puso ko. He’s an ideal man to marry. Hindi iyang mga katulad ni—” Hindi niya matapos ang sasabihin dahil papalapit ang lalaking pinag-uusapan nila.

Sa kasamaang-palad, aaminin niyang nakaka-

mesmerize nga ang hitsura ni Benedict. Aaminin niyang matikas, matangkad, guwapo, at matipuno ang lalaki. Isa itong business tycoon, at nasa real estate ang negosyo. Ito ang CEO ng *Pantaleon and Son Properties, Inc.* At thirty years old pa lang ito. Maraming babae ang nahuhumaling dito, pero walang stable girlfriend. Gaano man ito ka-attractive, hindi siya mahuhulog sa lalaking kagaya nito.

Naikuyom ni Maricar ang mga palad nang ngisihan siya ni Benedict nang nakakaloko. Umismid siya at kumuha ng inumin sa tray nang dumaan ang wait staff. Napabuntong-hininga siya nang malalim at pinakalma ang sarili.

Huminto si Benedict sa kanilang harapan. “Good evening, ladies,” bati nitong nakangiti.

“Good evening, Ben,” balik-bati ni Samantha, pero inignora lang niya ito. Ibinaling niya sa ibang direksyon ang mga mata na para bang hindi niya nakikita o naririnig ang lalaki.

“Hi, Maricar,” tawag-pansin nito sa kanya.

Siniko siya ng kapatid nang hindi pa rin siya sumagot. Napaaray siya. “Ate, ano ba! Magiging maganda lang ang gabi ko kung hindi ko nakikita ang lalaking kausap mo,” prangka niyang pahayag.

Napamaang si Samantha dahil sa ipinakita niyang kagaspangan. Napatawa lang si Benedict na mas lalo pang ikinakulo ng dugo niya.

“It’s okay. Masama lang ang timpla niya dahil wala rito ang kasintahan niyang...”

Sinadya pa nitong ibinitin ang sasabihin. Nagdabog siya at nagtagis ang mga ngipin. “Ate, hindi ako makakatagal sa gabing ito na walang imumurder. Mabuti pa umalis na lang ako.”

“Teka, kararating mo lang, eh.”

“Ayoko nang magtagal pa. Ibibigay ko muna itong regalo sa mommy ni Arnel at uuwi na.” Tumayo siya at inignora ang lalaking nakatayo pa rin sa harapan nila.

Ngunit ang buwisit na lalaki ay hindi pa pala tapos. Humarang ito sa daraanan nang papalabas na siya. “Talaga bang aalis ka na?” tanong nito.

Matalim ang tingin na binalingan ito ni Maricar. “Go to hell! asik niya at nagmartsa palabas sa malaking bahay ng mga Dait.

May pagmamadaling tinungo niya ang paradahan ng sasakyan. Akala niya ay nilubayan na siya ni Benedict. Nagkamali pala siya. Hindi pa man siya nakaabot sa kinaroroonan ng kotse niya, bigla itong humarang ulit. Ngumisi ito, labas pati gilagid.

“Tama nga ako. Wala ka sa mood dahil wala ang boyfriend mong pandak.”

Namula si Maricar sa galit. Lapastangan talaga ang lalaking ito! Totoong masama ang loob niya nang malamang hindi makakasama sa kanya si Josh. Pero hindi niya iyon puwedeng aminin sa kaharap.

Tumingala siya at nagpupuyos na napatitig sa matangkad na binata. Nakakaloko ang ngiti nito habang nakatingin sa kanya. “Walang modo ang mga lalaking tulad mo. Mayaman ka nga at matagumpay sa negosyo, pero ang ugali mo naman ay hindi masisikmura ng ibang tao. Ano ba’ng kasalanan ko sa ’yo at tinu-torture mo ako?”

Agad napalis ang ngiti nito. Tiningnan lang siya nito nang matiim, tumalikod at iniwan siya. Halos hindi siya makapaniwala na tinalikuran siya ni Benedict nang ganoon na lang.

Bumalik sa alaala niya kung paano sila nagkakilala at kung paano sa umpisa pa lang ay inis na inis na siya sa lalaki.



Napaiyak si Maricar nang saksihan ang solemn na kasal ng kapatid niyang si Samantha kay Arnel Dait. “I’m so happy for you, sis,” masayang sabi niya, sabay yakap sa kapatid pagkatapos ng seremonyas sa

simbahan. “Congrats to you and Arnel.”

Naiyak din ang kanyang ate. “Salamat, sis.”

Naputol ang usapan nila nang lumapit ang groom kasama ang lalaking naging best man nito. Alam niya na ito ang best friend ng bayaw niya. Noon pa sana siya ipakikilala ni Arnel dito kaso hindi sumipot ang lalaki sa engagement party ng dalawang ikakasal. Aaminin niya na tama pala ang narinig niya tungkol sa physical looks ng kaibigan ni Arnel na si Benedict Pantaleon. Matangkad, makisig, guwapo, elegante, eligible bachelor at galing sa may-kayang pamilya. Napahanga siya sa kaguwapuhan at kakisigan nito, pero ang lalaking katulad ni Benedict ang tipo ng lalaking hindi nagseseryoso sa relasyon.

Nakangiting huminto ang dalawa sa kanilang harapan. “You are certainly the most beautiful woman today, Sam. Congratulations!” Binigyan nito ng halik sa pisngi ang kanyang kapatid.

“Thank you, Ben. Salamat din sa pag-sponsor sa honeymoon namin. Pag ikaw naman ang ikakasal, kami ang bahala sa trip kung saan ang honeymoon n’yo ng magiging asawa mo,” masayang sabi ni Samantha.

Masarap ang naging tawa ng lalaki. “Okay na sa akin, Sam, kung hindi mo iisipin ang pag-aasawa ko.

Wala pa iyan sa bokabularyo ko.”

“Hah! Hindi mo pa kasi nahahanap ang babaeng magpapanginig ng tuhod mo at magpapakabog ng puso mo kaya nasasabi mo iyan ngayon. Balang araw, magugulat ka na lang pag natagpuan mo na si Miss Right.”

Ngumisi lang ang lalaki. “Sa palagay ko, matagal pa ang balang araw na iyan,” sagot nito at nakangiting ibinaling ang paningin sa kanya.

Oh, dear! Nakakabighani nga ang mga ngiti nito gaya ng narinig niya sa ibang babae. Pati siya ay nakadama ng biglaang excitement pero agad niyang iwinaksi iyon.

Tinaasan niya ito ng kilay nang tumitig sa kanya.

“Oh, sorry! Ben, ito nga pala ang sister ko. Maricar, ito si Benedict Pantaleon, matalik na kaibigan ni Arnel,” pagpakilala sa kanila ng bride.

Inilahad ni Benedict ang kamay nito. “Hi, it’s nice to meet you.”

Tinanggap niya iyon. “Hello, ikaw pala ang best friend ni Arnel na sinasabing matinik sa mga babae,” sabi niya.

Lumawak ang ngiti nito at pinisil ang kanyang kamay. Naramdaman niya ang init sa kanilang pagdadaop-palad. “Kabaligtaran yata ang sinasabi

nila. After all, si Arnel ang ikinasal ngayon at hindi ako,” sabi nito, sabay kindat sa kanya.

Dinaganaan siya ng kaunting pagnginig nang pisilin ulit nito ang kanyang kamay bago binitiwang. The guy was a known playboy extraordinaire and could seduce a woman with just a smile. Pero hindi madadala si Maricar sa ganoon. Naghahanap siya ng seryoso at totohanang relasyon na natagpuan naman niya kay Josh, ang boyfriend niya nang isang taon na.

Napabaling siya sa entrance ng reception hall at ngumiti nang pumasok ang hinihintay na nobyo. “Ate, nandito na si Josh,” aniya na nakangiti. “Excuse me.” At iniwan niya ang tatlo.

Sa reception na nakarating si Josh dahil nasa ospital ang nanay nito. Akala nga niya ay hindi ito makakarating. Pero ikinatutuwa niya na nakasama niya ito sa espesyal na okasyon. Naipakilala na niya si Josh sa kanyang Ate Samantha at nakilala na rin nito si Arnel sa engagement party ng dalawa.

Habang abala pa ang lahat sa pagkain, nag-excuse siya sa nobyo at tinungo ang ladies’ room. Pagbalik niya, mag-e-excuse sana siya sa tatlong lalaking nakaharang sa kanyang daraanan, na nakatayo patalikod sa kanya.

Ngunit napatigil siya nang marinig ang sinabi ni

Ben. “Ang ganda talaga ni Sam. Maganda rin naman ’yung kapatid niya kahit na medyo kulang sa height. Halos kasintangkad lang ni Maricar ’yung boyfriend niya. Hindi sila bagay. Pag sila ang nagkatuluyan, kawawa ang maging anak nila. Baka maging unano pa.” Mahina lang ang tinig nito pero dinig na dinig niya iyon. Napangisi ang dalawang kasamahan nito.

Napasinghap ang dalaga at nagtagis ang mga ngipin sa galit. Naikuyom niya ang kamay na nanginginig. Walang respeto talaga ang lalaking ito!

Sinadya niyang huminto sa likuran ng tatlo. “Ang galing, ah. Akala ko, ang mga babae lang ang mahilig magtsismis. Mas tsismoso pala kayong mga lalaki.”

Pagkagulat ang reaksyon ng tatlo nang mapabaling sa kanya. Natamemeng napatitig sa kanya ang mga ito. Si Benedict lang ang kilala niya. Mukhang guilty ang dalawa pero hindi ang una.

“Hindi ko alam na nakikinig ka pala sa amin, Maricar.” Hindi man lang nag-sorry ang kumag.

Namula siya sa galit. “Nakikinig? Eh, nakaharang kayo sa daraanan ko! Hindi ko akalain na ganyan pala kadaldal ang bibig mo. Ano ba’ng pakialam mo sa amin ng boyfriend ko? Hindi kita kaanu-ano at hindi ko hiningi ang opinyon mo. Kung wala kang magawa rito, umuwi ka na lang.”

Nangunot ang noo nito. "Itinataboy mo ba ako? I'm sorry kung narinig mo 'yung sinabi ko, pero nagsasabi lang naman ako ng totoo."

Umigkas ang kanang kamay ni Maricar nang hindi inaasahan, subalit agad namang nasalo iyon ng lalaki. "I only stated facts about your boyfriend. Pero hindi kita mapapayagang sampalin ako sa harap ng maraming tao," seryosong anito.

Hinatak niya ang kamay at naikuyom. "May araw ka rin," galit na sabi niya saka iniwan ang mga lalaki.



Araw ng Sabado, binisita siya ng Ate Samantha niya.

"Sis, sa amin ka na lang muna tumira. Hindi ako komportable na mag-isa ka lang tumira rito," concerned na pahayag ng kanyang kapatid.

"Huwag ka ngang magpatawa, Ate. Hindi ako bata. Hindi mo kailangang mag-alala sa akin. Maghahanap ako ng housemate para mapanatag ang loob mo." Nag-iisa na lang kasi si Maricar sa bahay na naiwan sa kanila. Ulilang-lubos na silang magkapatid.

"Okay ka lang ba talagang mag-isa rito? May kinakain ka pa ba?"

"Ate naman! Twenty-four years old na ako.

Sinusuwelduhan ako bilang accountant sa isang bangko. Natuto na rin akong mag-grocery mula nang mag-asawa ka na at nagluluto na rin ako,” reklamo niya. Si Samantha kasi ang namamalengke sa kanila noon at tagaluto rin sa kanila.

Totoong nakakapanibago na lumipat na ng ibang tirahan ang kapatid niya. Pero inasahan na niya ito. Alam nilang pareho na darating ang araw na magkakaroon na sila ng kani-kanyang buhay. Although, nami-miss niya ito nang labis pag nag-iisa siya sa bahay.

Konsuwelo na sa kanya ang makita ang kasiyahan sa mukha ng kapatid niya. Mabuting lalaki ang napangasawa ng kanyang ate. Gusto niya si Arnel at kapatid na rin ang turing niya rito. Masaya siya para sa dalawa na magkakaanak na nga ang mga ito. Nangarap din siyang magkaroon ng sariling pamilya at maging masaya gaya ng ate niya. Biglang nagusot ang kanyang mukha nang maisip si Josh.

Tinitigan siya si Samantha at nangunot ang noo nito. “Maricar, bakit namamaga iyang mga mata mo?”

“Kulang ako sa tulog. Nagpunta kasi ako sa isang party kagabi, at kinaumagahan ay pumasok pa ako sa trabaho. Babawi ako ng tulog mamaya.” Totoong

nagpunta siya sa party nang nakaraang gabi. Maaga nga lang siyang umalis nang may marinig siyang hindi magandang balita. Ang balitang nagbigay sa kanya ng kawalan ng tulog at pagluha.

Naningkit ang mga mata nito at nagsuspetsa. “May inililihim ka ba sa akin?”

Hindi siya agad nakasagot.

“May problema ba kayo ni Josh?” hula nito.

Napalunok si Maricar at naikuyom ang mga kamao. “Wag kang mag-alala, kaya ko ang sarili ko.”

“Sis, gusto ko lang malaman mo na nandito lang ako palagi. Alam mo namang mahal kita, di ba?” At ginagap nito ang mga kamay niya. “Puwede mo akong kausapin pag handa ka na, okay?”

Tumango siya at muntik nang mapaiyak. “I love you, too, big sister. Naisip ko nga palang magbakasyon sa Palawan sa susunod na linggo.”

Napailing ito. “May pinagdadaan ka. Hindi makapagsisinungaling ang mga mata mo. Sis, paano kita matutulungan?”

Natahimik si Maricar. Hindi niya alam na ganoon pala siya ka-obvious. “H-hiwalay na kami ni Josh,” sapilitan niyang pag-amin.

Bumalatay ang gulat sa mukha nito. “Bakit? Akala ko ba mauuwi na sa simbahan ang relasyon

ninyo.”

Nilunok niya ang pait at sakit. “Actually, hiniwalayan niya ako.”

“What?”

“Hindi ko rin halos matanggap ang pangyayari,” aniya na pinipigilang maiyak.

“Ano’ng dahilan?”

Pinahid niya ang bumagsak na luha. “Nagkaroon sila ng affair ni Alena. At dinadala ng ahas na babaeng iyon ang anak ni Josh.” Dati niyang best friend si Alena na nagtraydor sa kanya.

“Ano? Ang bruhang ’yun, nagawa kang saksakin sa likod?” galit na bulalas ng kapatid niya.

Napakagat-labi si Maricar at tumango. “Siguro dahil hindi ako maganda kaya pinalitan niya ako, mas maganda kasi si Alena kesa akin. Ang height ko naman five feet lang, hindi rin ako slim at hindi gaano kaputian,” aniya na nags-self-pity.

“Wag mong sabihin ’yan. Maganda ka. Cute ka nga at curvaceous. Matangos naman ilong mo, mahaba ang buhok at may magandang mukha. At higit sa lahat, may magandang kalooban. Ahas lang talaga ’yung dalawa. Hindi sila karapat-dapat na maging bahagi ng buhay mo. Siguradong marami pang lalaki diyan na magkakandarapa sa ’yo. You are

only twenty-six years old, for goodness' sake. Bata ka pa at hindi pa katapusan ng mundo.”

“Masakit lang talaga ang lokohin nang gan'un, Ate. Kaibigan ko pa naman si Alena.”

“Oh, sis. I'm sorry.” At niyakap siya ni Samantha. “Kailangan mo nga ng bakasyon para makapag-relax. Makakalimutan mo rin siya.”

Nasaktan talaga si Maricar. Akala niya si Josh ang lalaking nakatadhana sa kanya. Umasa pa man siya na lumagay na sa tahimik at magkaroon ng sariling pamilya. Gusto niya ring maranasan ang kaligayahang natagpuan ng kanyang kapatid. Pero biglang nawasak ang pangarap na iyon.

“Sis, mas mabuting nalaman mo nang mas maaga kung ano'ng klaseng lalaki si Josh. Hindi siya karapat-dapat sa 'yo kaya huwag mo na siyang iyakan. Pero ang bruhanng ex-best friend mo ay talagang kakalmutin ko pag nakita ko siya.”

Napangiti siya nang bahagya. Alam niya na talagang ipaglalaban siya ng kanyang kapatid.

“Hey, ngayong single and available ka na ulit, puwede ka nang i-date ni Ben.” Sinadyang sabihin iyon ni Samantha para i-distract siya.

Sumimangot si Maricar. “Hindi magandang biro iyan!” Nayayamot siya kapag mabanggit ang

pangalan ng lalaki.

“Sa tingin ko, may gusto si Ben sa ’yo.”

Bigla siyang pinanginigan ng laman. “Goodness gracious! Nalipasan ka na yata ng gutom, Ate. Hindi niya ako gusto at hindi nagpi-pretend ’yung tao.”

“Sa ’yo lang naman siya gan’un. Mabuting tao talaga si Ben.”

Napanganga si Maricar. “Hindi tayo magkapareha ng opinyon. Tumataas ang blood pressure ko pag nakikita ko ang taong ’yun. Kaya mula ngayon, ’wag mong banggitin pa sa akin ang pangalan niya dahil lalo lang kukulimlim ang mundo ko.”

“Oo na.”

Pansamantalang naisantabi niya ang tungkol sa wasak na puso niya nang maalala si Ben. Hindi niya makalimutan ang pagkainis sa lalaki.

“Ayan, bumalik na ang kulay sa mukha mo. Bigla ring kumislap ang mga mata mo. So, if you want to cheer yourself up, just think of Ben,” nakangising sambit nito.

Napatawa siya. “Oo nga. Kaso nagagalit naman ako pag naiisip ko siya.”

“Magalit ka hangga’t gusto mo basta ba hindi ko lang makita ang pait sa mga mata mo. Subukan mo na lang na kalimutan sila. Kawalan ni Josh ang

nobyang kagaya mo. Malaking kawalan rin ni Alena ang mabuting kaibigan na kagaya mo.”

Hindi nagtagal ang kapatid sa pagbisita dahil may date ang mag-asawa. Tumulo ang luha ni Maricar nang maiwan siyang mag-isa. Madaling sabihin pero mahirap gawin na kalimutan na lang ang lahat.

Paano ba niya kakalimutan ang kataksilan ng mga taong pinagkakatiwalaan?

CHAPTER *Two*

*N*asa Palawan si Benedict para makapagpahinga at aliwin ang sarili. Binisita rin niya ang kanyang lolo at lola na tagaroon.

Prente siyang nakaupo sa sofa sa bahay ng dalawang matanda nang makatanggap siya ng tawag mula sa kaibigan niyang si Arnel.

“O, napatawag ka. Huwag mong sabihing tungkol sa negosyo ito. Nagbabakasyon pa ako,” paalala niya.

“Ben, kailangan ko ng tulong mo. Nag-aalala kasi si Sam tungkol sa kapatid niyang si Maricar. Kahapon pa niya itong tinatawagan pero hindi naman makontak. Naka-off yata ang phone ng hipag

ko. Ayokong mag-alala si Sam dahil makakasama sa baby.”

“So?”

“Nandiyan si Maricar sa Palawan, nagbabakasyon din. May pinagdadaan siya. S’abi ni Sam, hiwalay na sa boyfriend.”

Na-shock si Ben sa narinig. “Talaga? I mean, akala ko ba seryoso na ang relasyon nila? Alam mo ba kung ano ang nangyari?” curious niyang tanong.

“Itanong mo na lang kay Maricar, nandiyan din naman siya. Teka, tama ba ang narinig kong relief sa boses mo? Gusto mo ang hipag ko, ’no?”

“Huwag ka ngang mag-assume. Nai-enjoy ko lang ang makipagbangayan sa kanya.”

“Fine kung ayaw mong aminin. By the way, tinawagan na ni Sam ang resort kung saan siya nag-stay, at ikinumpirma na naka-check in pa rin si Maricar d’un. Puwede mo bang i-check siya nang personal? Malapit lang din naman ’yon sa tinutuluyan mong resort.”

Napakunot ang kanyang noo. Maricar, the petite sister of Samantha. Nagtatrabaho sa isang bangko. Ayaw niyang mapalapit sa babae sa isang dahilan. He’s bloody attracted to her! At hindi niya nagugustuhan ang pakiramdam. Hindi kasi siya

gusto ng dalaga kaya idinaan niya sa pang-iinis ang tunay na naramdaman, at umasang maialis ang atraksyon.

Hindi naman talaga ito ang tipo niyang babae. Pero hindi niya maitatangi na kaakit-akit si Maricar. Malakas ang hatak nito sa kanya. Pinilit niyang iwaksi ang damdaming iyon. Kaya nga hindi friendly ang dating niya sa babae dahil ayaw niyang lumalim pa ang atraksyong kanyang nadarama.

At heto, akala niya magiging tahimik ang kanyang bakasyon. Ilang milya ang layo niya sa Maynila, pero nandito rin pala ang dalaga. Isang pagkakataon? Malamang.

Hindi niya gustong hanapin, harapin, at kausapin ito. Pero kailangan niyang lapitan at kausapin si Maricar alang-alang sa ikapapanatag ng mag-asawang Samantha at Arnel. Hindi niya kasi matatanggi ang pakiusap ng kanyang kaibigan.

“Saang resort naka-check in ang pikon na Maricar?”

Sinabi ni Arnel kung saan. “Salamat, Ben. Utang na loob ko ito sa ‘yo.”

Napabuntong-hininga siya nang malalim nang matapos ang pakikipag-usap niya sa kaibigan sa phone. Kailangan niyang hagilapin ang babae at

siguruhing walang nangyaring masama rito. Tiyak na hindi nito magugustuhan ang pagsulpot niya.

Madaling natunton ni Benedict ang resort na tinutuluyan ni Maricar. Nagtanong siya sa reception desk kung saan niya puwedeng makita ang babaeng hinahanap. Iginiya siya sa bar kung saan naroon ang dalaga. Nagtagis ang kanyang mga ngipin nang makitang may kasama itong foreigner na may malikot na mga kamay. Matalim ang mga mata na tiningnan niya ang dalawa. Sa tingin niya, lasing na si Maricar.

My goodness, she's drinking in the middle of the bloody day! At wala rin itong pakundangang nakikipaglandian pa. Hindi ito ang ugali ng babae na kakilala niya.

Hindi nito pansin ang paglapit niya. Mas lalo pang kumulimlim ang mukha niya nang pasadahan ng haplos ng lalaki ang isang nakalantad nitong binti.

“Take your dirty hands off her!” asik niya na nakatayo sa harapan ng dalawa.

Agad napalingon ang mga ito sa kanya. Rumehistro ang matinding pagkagulat sa mukha ni Maricar at napakurap-kurap.

“I am seeing wrong. I thought I'm tipsy, but I must be drunk and a half. There's no way I'm seeing

Benedict's face right now," bulalas nito.

Na-amuse siya nang kaunti. "Yes, you are seeing right, *sweetheart*." Sinambit niya na may diin ang huling kataga.

Nagtatagis ang mga bagang na binalingan ni Benedict ang lalaki. Agad nitong binawi ang kamay na nasa kandungan ng dalaga at napaupo nang tuwid.

"She's sad and lonely. She needed company," sagot ng foreigner at nagkibit-balikat. "Excuse me," anito at binalingan si Maricar. "Nice meeting you, *ma chérie*. I didn't know you have a jealous boyfriend." Tumayo ito at iniwan sila.

Nakaawang pa rin ang bibig ng babae sa pagkagulat. Nang makabawi, naging makulimlim na ang mukha nito. "Y-you are not my—"

Hindi nito naituloy ang sasabihin dahil tinakpan ng kamay ni Ben ang bibig nito.

Hindi niya inasahan ang kasunod nitong ginawa. Kinagat nito ang nakatakip niyang kamay. Napaaray siya at agad na inalis ang kamay sa bibig ni Maricar.

Naningkit ang mga mata nito. "Bakit ba hinahaunt ako ng pagmumukha mo? Sino kang bastos ka at alisin mo iyang mukha ni Benedict."

Hindi niya napigilang matawa at mapailing.

Inilapit niya ang mukha rito. “Sa tingin mo ba, nakamaskara ako? Lasing ka yata. Para sa kaalaman mo, orihinal itong mukha ko.”

Ilang beses pa itong kumurap. “B-bakit nakikita kita?”

“Pinag-alala mo sina Sam at Arnel. Hindi mo man lang sinagot ang text messages ng kapatid mo para i-assure na okay ka lang! Alam mong buntis si Sam at hindi makakabuti sa kanya ang mag-alala. ’Tapos, heto ka lang pala umiinom at nakikipaglandian. Anong klaseng kapatid ka?” ratsada ng binata nang hindi makapagpigil.

Namula ito at naitikom ang bibig. Para itong nahimasmasan. “Talagang ikaw nga, iyang bunganga mo ang nagpapatunay. Wala kang ibang nakikita sa akin kundi puro kamalian. May dahilan kung bakit hindi ko sila sinagot. H-hindi ko inisip na mag-alala sila nang gan’un. Plano ko naman talagang tumawag mamayang gabi. Sinadya kong ini-off ang phone ko para walang makatawag. Teka lang, bakit narito ka?” Nakataas ang kilay ng babae. “Nag-eespiya ka ba sa akin?” Umarangkada na ang katarayan sa boses nito.

Napahalakhak siya. “Bakit ko naman sasayangin ang mahalaga kong oras ng bakasyon ko para espiyahan ka lang? Para sa kaalaman mo, n’ung

nakaraang araw pa ako rito. Mas nauna ako sa 'yo. Kung hindi dahil sa pakiusap ni Arnel, ikaw ang huling taong gusto kong makita sa tahimik kong bakasyon.”

“Oh! So, inutos ito ng mag-asawa. Tinawagan ka nila para i-check ako?”

“Tumpak.” Napatitig siya sa babae. Malungkot ang mga mata nito. Lumambot ang puso niya. “Nag-aalala sila sa 'yo. Mahal ka nila.”

Pilit itong ngumiti. “Hayaan mo, tatawagan ko sila mamaya. “

“Okay ka lang?”

“Oo naman. Hindi dapat iniiyakan ang lalaking taksil, walang modo, at duwag!” bulalas nito na may kasamang galit.

Naupo si Benedict sa bar stool na binakante ng foreigner. Umorder na rin siya ng inumin. Hindi na muna niya iiwan si Maricar.

“P'wede mo na akong iwan. Nakita mo nang buhay pa ako, di ba?” pasarkastiko nitong pahayag.

“Sa kalagayan mong 'yan, tingin mo pababayaan kita?”

Napahigit ito ng hininga. “Mr. Pantaleon, okay lang ako. I mean it, puwede mo na akong iwan. Huwag ka nang dumagdag pa sa—”

Agad siyang sumingit, “Gustuhin ko man, hindi kita iiwan dahil may naipangako ako. ’Nga pala, nasaan ang dati mong nobyo? Babalian ko lang ng ilang buto.”

Nasorpresa siya nang marinig ang malutong na tawa ng dalaga. Mabuti naman at napatawa niya ito kahit papaano.

“May damdamin ka pa sa kanya kaya ayaw mong sabihin sa akin kung nasaan siya?”

“Salamat sa pagmamalasakit at pinatawa mo pa ako. Pinagaan mo ang damdamin ko kahit na hindi ko inaasahan ’yun mula sa ’yo. Arogante at insultador ka kasi. So, may good layers pala diyan sa pagkatao mo.”

“Siguro. Pero ’wag mong ibahin ang usapan.”

Kumulimlim ang mukha nito. “Paano ko gantihan ang kataksilan nina Josh at Alena? Buntis ang babae slash dati kong kaibigan. Pero hindi ko sila mapapatawad dahil ginawa nila akong tanga. Kung hindi ko sila nahuling naghahalikan sa apartment ni Alena, malamang hindi ko pa rin alam ang nangyayari hanggang ngayon.

“Ang tanga ko! Naniwala akong busy lang talaga si Josh sa bagong posisyon sa trabaho. Excuse lang pala ’yun kaya hindi na kami magkasamang

lumalabas nitong nagdaang buwan. Masakit lang kasi pareho silang naging malapit sa akin.”

“Hindi pa rin rason ’yan para ignorahin mo ang pag-aalala ng mga taong tunay na nagpapahalaga sa ’yo.”

“Tama ka. Hindi pa naman katapusan ng mundo. Masakit tanggapin pero wala na akong magagawa. Nasayang lang ’yung pagmamahal na ibinigay ko.”

“Bata ka pa at maganda. Makakahanap ka pa ng lalaking karapat-dapat sa ’yo,” seryosong turan ni Ben.

Napatitig si Maricar sa kanya. “Huwag kang magsinungaling sa akin. Alam kong hindi ako katangkaran tulad ng ate ko at hindi rin kagandahan. Kaya nga tinutukso mo ako, di ba?”

“Totoong maganda ka. Iniinis kita sa ibang dahilan. Napapangiti kasi ako pag nakikita ang hitsura mo pag nagagalit at naiirita. At palabán ka rin naman. Katangiang gusto ko sa ’yo.”

Napakurap ang dalaga. “Talaga ngang lasing na ako para marinig yan mula sa ’yo. Binigyan mo kasi ako ng impresyon na hindi mo ako gusto.”

Napatawa lang si Benedict. Naaliw siya ngayong hindi sila nagpapalitan ng maiinit na salita.

“Baka naman magalit ang girlfriend mo na

binibigyan mo ako ng atensyon. Seriously, I'm fine. Wala na akong balak na mang-akit ng lalaking estranghero. Aakyat na lang ako sa silid at matulog.”

“Kung gusto mo nang magpahinga, ihahatid na kita sa silid mo.”

“Kina-career mo na yata ang pakiusap ng brother-in-law ko sa 'yo, ah. Hindi kita ma-afford bilang bodyguard ko.”

“Totoong pinakiusapan ako ni Arnel na i-check ka. Pero ikinatutuwa ko rin na sa wakas ay nagkaroon na rin tayo ng isang normal na usapan. Right now, you don't look like a dragon ready to spit fire at me.” At nginitian niya ito nang malapad. “Nga pala, wala akong nobya at wala akong dalang babae sa bakasyon kong ito.”

“Ows? Sa kagaya mo, nag-iisang nagbabakasyon?”

Nangunot ang noo ni Ben. “Ano'ng ibig mong sabihin sa kagaya ko?”

“Kagaya mo na nasa itaas, mayaman, at matagumpay sa negosyo. Tall, dark and handsome. Always dresses elegantly in business suit and effortlessly charming. Narinig ko nga na isang dream man ka sa kama.” At tinantiya siya ni Maricar pataas at pababa.

Napahalakhak siya. “Hindi ko alam na ganyan

pala ang tingin mo sa akin.”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Huwag ka ngang maging conceited. Sinabi ko lang kung ano ang narinig ko sa usap-usapan ng mga babaeng dumaan sa ’yo,” agad nitong depensa.

Muli ay nginitian niya ito nang malapad. “Sayang at hindi gan’un ang tingin mo sa akin.”

“Alam mo, parang hindi ikaw ang Benedict na nakilala ko. Malamang naaawa ka sa akin ngayon kaya hindi mo pa ako iniinsulto.”

Napatawa siya ulit. “Nagugustuhan ko na sa wakas na nagkausap tayo at hindi nagbabangayan.”

“Sa unang pagkikita natin sa kasal ng ate ko, nilait mo kasi ang dati kong boyfriend. Sino ba naman ang hindi magagalit d’un?”

“Ahem... di ko alam na nasa likuran pala kita nang mapag-usapan namin kayo. Talagang pandak ’yung lalaki at hindi bagay sa ’yo. Alangan namang magkunwari akong isang Adonis ang dati mong nobyo. Isa pa, tinangka mo akong sampalin sa harap ng maraming tao.”

“Hindi ka kasi dapat nagkokomento nang gan’un kalakas. Nagkataong napadaan ako sa likuran n’yo. Nang marinig ko ang pangungutya mo, hindi ko napigilan ang pag-igkas ng kamay ko sa galit. Alam

mo, naisip ko pa ngang balikan ka at buhusan ng malamig na tubig. Mabuti na lang at napigilan ako ni Josh.”

“Talaga?”

“Inis at galit ako sa 'yo mula noon. At wala ka rin namang ginawa pa kundi inisin ako sa tuwing magkakatagpo tayo.”

“Naging kaaway na kasi tingin mo sa akin. Pinanindigan ko na lang ang pagiging kontrabida,” nakangiting sagot niya.

“Oh, well. Tapos na 'yun.”

Napataas ang kilay ng binata. “At ngayon, sang-ayon ka na sa akin na talagang pandak ang ex mo?”

“Wala na akong pakialam kung ano'ng itawag mo sa gagong iyon. Tawagin mo pa siyang unano ay okay lang sa 'kin.”

“Ibig sabihin, natauhan ka na. Mabuting improvement iyan.”

Mula nang magkakilala sila, ngayon lang sila nakapag-usap nang tama at matiwasay. Masarap naman pala itong kausap.

Sinaid ni Benedict ang inumin. Binayaran niya ang ininom pati na ang sa dalaga.

“Kaya kong bayaran ang inumin ko. Ano'ng akala mo sa akin, kawawang pulubi?” marahas

nitong reklamo.

“Hah! Wala sa hitsura mo. Lalaki ako kaya ako ang magbabayad ng inumin natin. Dapat ka na talagang magpahinga. Mag-usap na lamang ulit tayo bukas.”

“What? Gusto mong magkita tayo bukas?” di-makapaniwala nitong tanong.

“Bakit hindi? Maliban na lang kung pipiliin mong mag-isa at umiyak kaysa makasama ako.”

Nginitian siya ni Maricar. “So, hindi ka naman pala masama. Ceasefire na muna tayo.”

“Sure. Halika, ihahatid na kita sa silid mo.” Hinawakan niya ito sa siko at tinulungang makatayo. Nakadama ito ng hilo. Hinawakan niya itong maigi sa braso. Talagang maliit na babae si Maricar. Hanggang balik lang niya ito kung hindi nakatakong nang ilang pulgada. Ipinilig nito ang ulo sa kanyang balikat.

Oh, dear! Napaungol siya nang maramdaman ang pag-iinit ng kanyang katawan. She smelled very feminine mixed with alcohol. Napamura siya nang mahina. Pinanigasan kasi siya nang magdikit ang kanilang mga katawan.

“You are my knight in shining armor today,” sabi nito. “Hindi ko yata makakayang lumakad na wala

ang tulong mo.” Napatigil si Benedict nang amuyin siya ng babae. “Hmm... gusto ko ang pabango mo.”

Napaungol siya. *O, tukso, layuan mo ako!*

Parang siyang napasong sa apoy nang hapitin niya sa baywang ang babae palapit pa sa kanya. He loved the feel of her soft body. He loved the velvety skin when he rubbed her arms. Maliit ito ngunit nasa tamang lugar naman ang bawat kurba ng katawan. Inamay niya ang buhok nito na bangong shampoo. Kamuntik pa siyang matukso na isuklay ang mga kamay sa nakalugay nitong mahaba, maitim at tuwid na buhok.

Nanunuyo ang lalamunan niya nang mapadako ang kanyang mga mata sa mababang neckline ng damit nito. Nakahantad ang mala-krema nitong cleavage. Napalunok siya.

Tumingala sa kanya si Maricar nang huminto ito. “Ang bango-bango mo,” anito, nakasilay ang mapang-akit na ngiti sa mga labi. Nangingkit pa lalo ang medyo singkit nitong mga mata.

Napatanga siya. Inilapit niya ang mukha rito. “Temptress!” aniya. “Huwag kang ganyan dahil baka mag-take advantage ako.”

“Sa tingin mo, kaya kitang i-seduce?”

“Oh, sweetheart. Right now, I’m thinking of

ravishing you. Heat up your skin with my touch, dry it with my licking lips and tongue. And kiss you endlessly like there's no tomorrow.”

Napasinghap si Maricar nang malakas at nanginig. Napangiti siya at hinawakan itong mabuti.

“A-ang sarap pakinggan, parang strawberry ice cream na may chocolate topping sa isang mainit na panahon,” sagot nito at napahagikgik.

Napamura nang mahina ang lalaki. “Sabihin mo, ilang shot ba ng alcohol ang nainom mo?”

“Isa lang yata. Hindi naman ako sanay uminom, eh. Madali akong malasing. Nakakaaliw 'yung French guy na kasama ko kanina. Napatawa niya ako at nakaka-amuse ang accent niya.”

“Hah! Lalaking may malikot na kamay at nagti-take advantage.”

“Talagang nagmumukha akong desperada, 'no?” tanong ng dalaga na may pait sa tinig.

Iginiya niya ang kasama sa kinaroroonan ng cottage nito. “Malilimutan mo rin ang ex mo. Hindi siya para sa 'yo. Isa pa, hindi naman kayo bagay.”

“Tama ka.” Napabuntong-hininga ito.

Huminto sila sa tapat ng pinto ng cottage.

Ikinagulat ni Benedict ang pagyakap ni Maricar sa kanya. “Thank you,” anitong naiiyak.

Umiyak ito sa mga bisig niya. Napamura siya nang ilang ulit. Hindi niya gustong makita ang luha nito. Naantig ang puso niya. Ginantihan niya ang yakap ng dalaga at hinagod-hagod ang likod nito. Napahagulhol ito. Napamura sa kalooban, kino-comfort niya ang babae pero tinataksilan naman siya ng katawan niyang nag-iinit. Pinanigasan siya nang husto nang idikit ni Maricar ang katawan sa kanya. Kung aware lang sa sarili ang dalaga, tiyak na naramdaman nito ang paninigas niya.

Napahagod ang mga kamay ni Ben pataas-baba sa likod nito. Kamuntik pa siyang matukso na ibaba pa ang paghagod sa seksi nitong puwitan. Napabuntong-hininga siya at hirap na kinontrol ang reaksyon ng kanyang pagkalalaki. Ipinagpatuloy niya ang paghaplos sa likod at sa buhok nito. Hinalikan niya ito sa sentido nang hindi makapagpigil.

“Pasok ka na, sweetheart. Magpahinga ka muna.”

Pasinghot-singhot pa rin ito nang ipasok nito ang susi sa seradura. Nang mabuksan ang pinto, binalingan siya nito.

“Please, huwag mo akong iwan agad, Ben.”

Paano ba niya matatanggihan ang temptasyon na ito? “H-hindi. Sisiguraduhin ko munang okay ka bago ako aalis.”

“Salamat. Alam ko na nagti-take advantage ako sa pagmamalasakit mo, pero kailangan kasi kita sa tabi ko. Kailangan ko ng taong masasandalan at ikaw ang nandito ngayon. Naiintindihan mo naman ako, di ba?”

“Naiintindihan kita. Nandito lang ako. Hindi ako aalis hangga’t kelangan mo ako,” pangako niya.

CHAPTER *Three*

*W*alang pakialam si Maricar na ang lalaking hindi niya inasahan ang naroon para damayan siya. Halos magmakaawa siya na huwag siya nitong iwan. At heto na nga si Benedict sa loob ng kanyang silid. Gusto niyang mahiya sa ipinakita niyang kahinaan, pero ito lang kasi ang taong nasa malapit. Ang taong nakakaintindi sa kanyang pinagdadaanan.

Medyo lasing siya at nahihilo, pero alam pa rin niya ang ginagawa. Naramdaman niya ang mainit na katawan ng lalaki. Naramdaman din niya ang paninigas ng pagkalalaki nito nang walang pakundangang yakapin niya ito. Nagkunwari siyang hindi iyon napansin dahil ayaw niyang ipahiya si

Benedict.

Ikinagulat ni Maricar ang naging reaksyon ng kanyang katawan. Agad siyang napatigil sa pag-iyak nang maramdaman niya ang pagnanasa na pumupukaw sa kailaliman. Heartbroken siya pero bakit ganoon? Hindi niya maitatangi na malakas ang appeal ng binata na pati siya ay hindi immune kahit pa madalas silang nagbabangayan.

Gusto niyang magpadala sa temptasyon para makalimutan niya ang kabiguan kahit pansamantala lang. Pero alam niyang hindi isa pang lalaki ang solusyon sa kabiguan ng pagmamahal. Kailangan niya ng adjustment at panahon para makapag-move on.

Iginiya siya ni Benedict at pinaupo sa gilid ng kama. “Hindi mo na ako kailangang samahan pa rito. Okay na ako. Kelangan ko lang ng shower bago mahiga sa kama,” aniya.

“Sigurado ka? Pero kanina sabi mo—”

Sumingit siya, “Emotional struggle ’yun.” Kailangan niya itong paalisin agad. Ayaw niyang magmukhang desperada na makuha ang atensyon ng binata. Baka makalimot siya sa sarili.

Akma na siyang maghuhubad ng damit nang pigilan ni Benedict ang kanyang kamay. “Don’t. Just

don't." His eyes turned dark and intense.

"Bakit hindi? Kailangan kong mag-shower bago matulog. Di ba sinabi kong p'wede ka nang umalis?"

"Kanina halos magmakaawa ka na huwag kitang iwan, 'tapos ngayon gusto mo akong makaalis agad? Ang dali mo yatang magbago ng desisyon."

"Sinabi ko na sa 'yo na okay na ako." At napatitig siya sa mga mata nito. Mali iyon. Nakikita tuloy niya ang pagnanasa roon. Goodness! Napaatras si Maricar at sinikap na huwag siyang pagtaksilan ng nanlalambot niyang mga tuhod. Nahihilo pa rin siya ngunit sa ibang kadahilanan.

Humakbang si Benedict palapit sa kanya. At napahakbang ulit siya paatras saka sumuko ang kanyang mga tuhod. Maagap naman siyang sinalo ng binata. Napaungol siya nang di-sinasadya. His touch burned her.

Bakit ganito ang nararamdaman ko sa lalaking ito?

Hinawakan siya nito sa magkabilang braso at tinulungang makatayo.

"Apektado ka rin ba? Nararamdaman mo rin ba ang atraksyon?" malamyos nitong tanong.

Nangusap ang kanilang mga mata. "A-atraksyon? Ibig sabihin, attracted ka sa a-akin?"

“Iyan ang rason kung bakit madalas kitang inisin. Iyon lang ang tsansa ko para mapansin mo.”

“Oh. Akala ko ginagantihan mo lang ako dahil ilang beses kitang pinahiya. H-hindi ko alam na may damdamin ka pala para sa akin. Pero—”

Inilagay nito ang hintuturo sa kanyang mga labi para pigilan siya. “Huwag ka nang magsalita. Puwede ba kitang halikan bago ako umalis?” seryosong tanong nito.

Napalunok siya. “A-are you sure you w-want to kiss me?”

“Oh, yes. Noon pa kita gustong mahalikan.”

“O-okay. A kiss is just a kiss, anyway,” sagot ni Maricar. Pero nagkamali siya ng akala. Ang isang halik ay hindi lang isang simpleng halik para kay Benedict.

Nang maglapat ang mga labi nila, masuyong hinalikan siya nito. His gentle kiss then turned fierce, hot, and wild. Sinuklian ni Maricar ang halik nito nang ganoon din katindi at napaungol sila pareho.

Oh, my goodness! Akala niya ay magaling siya pagdating sa halikan. Pero master kisser si Benedict. Napahawak na lamang siya sa dibdib nito at napapikit. Parang nag-aapoy at nakakabighani ang mga halik nito. Mas lalo pa niyang ikiniskis ang

katawan sa lalaki.

Naging malikot naman ang mga kamay nito na pataas-pababa sa makurbang katawan niya. And then, naramdaman niya ang pagbagsak ng isang malambot na bagay sa kanyang paanan. Saka niya na-realize na natanggal na pala ang damit niya.

Nanginig siya nang dumaosdos ang mga labi ni Benedict sa leeg niya habang ang mga kamay nito ay nasa kanyang hinaharap. Unti-unti na siyang nawawala sa katinuan lalo na nang ang bra niya ang sumunod na bumagsak sa sahig.

His lips travelled down, leaving each inch of her skin hot and tasted. Napahawak siya sa buhok ng binata nang mapunta sa kanyang hinaharap ang bibig nito. Napakapit siya nang husto sa ulo nito at napaungol nang malakas. His mouth played sweet magic. Pinaglipat-lipat nito ang bibig sa malulusog niyang umbok.

Oh, she already felt her wetness, the ache inside her. The want for more pleasure was shouting from within. Hindi pa niya na-experience ang ganitong klaseng halik sa isang lalaki. The kiss was fiery, sweet, and wonderful. Gusto niyang makalimot at magpaubaya sa pagnanasa. She cried out when his wicked mouth and tongue ravaged her both breasts

relentlessly.

Nanlambot ang kanyang mga tuhod. “H-hindi ako magtatagal sa pagtayo,” anas niya.

“Don’t worry, sweetheart. I’ll catch you when you fall,” bulong nito.

“Take me to bed. Take me, please,” pagsusumamo ni Maricar nang tuluyan na siyang nadadala sa tukso.

Kinarga siya nito patungo sa kama. Marahan siya nitong inihiga. Tinanggal nito ang sapatos niya na may kasabay na haplos at halik sa kanyang paa.

She had never been kissed this way by her past boyfriends. Marami na siyang nakahalikang lalaki, pero hanggang sa lips lang. Kaya nakakapanibago at nakaka-thrill itong ginagawa ni Benedict sa kanya. Parang may kung anong apoy na nabubuhay sa loob niya na gustong kumawala.

Pataas nang pataas ang paghaplos nito sa binti niya na may kasabay na halik sa nag-iinit niyang balat. Nanginig siya sa antisipasyon nang palapit ang bibig nito sa parte ng kanyang katawan na may natitira pang maliit na saplot.

“These panties are so sexy. I’m almost sorry for ripping it apart.” Bago pa man siya makapagsalita ay nadama na niya ang pagkapunit. She gasped because he literally ripped her panties into two. Oh, how wild

and... exciting!

Naikuyumos niya ang mga kamay sa bedsheets at pinigil na mapasigaw nang tikman nito ang kanyang pagkababae. His mouth and tongue made her undone. She cried out and shuddered when pleasure rippled through her. It was glorious! He licked even her wetness. She shivered from the aftershocks. Ngayon, alam na niya ang sinasabi nilang 'heaven in bed'.

Nagpatuloy ang halik ng kaniig pataas papunta sa kanyang pusod at tiyan. Saka lang niya napansin na may suot pa rin si Benedict. Gusto niyang magreklamo dahil hindi patas na siya lang ang pinapaligaya nito. Gusto rin niyang ibalik ang pleasure na ipinagkaloob ng lalaki sa kanya.

Ibubuka na sana niya ang bibig para magsalita, pero agad nitong kinuyumos ng halik ang bibig niya. He kissed her hard and they both moaned. Gusto niyang matikman mula kay Benedict ang kaluguran ng pag-iisang-katawan. She wanted him inside her. Naramdaman niya ang paninigas nito.

Napahawak siya sa dibdib ng binata at bahagya itong itinulak. Sinubukan niyang tanggalin ang butones ng polo shirt nito, pero pinigilan ng lalaki ang mga kamay niya. Kinuha nito ang dalawa niyang

kamay at ibinilanggo sa ibabaw ng kanyang ulo. She seemed helpless but she loved it. But still, she wanted more from him. She wanted to feel him, conquering her body. Nakahanda na siyang isuko ang pagkababae niya.

“Ben, I want to touch you. Please, let me remove your clothes.”

Napatigil ito at ikinurap ang malamlam na mga mata. Napalunok ito nang malalaki. “Oh, Maricar, hindi kita p’wedeng pagbigyan.” He pushed his hardness against her belly. “See, how much I wanted you and it’s hurting me, pero malakas pa rin ang tula ng konsyensya ko. Sapat na sa akin sa ngayon ang mabigyan ka ng kaligayahan. Nakainom ka kaya hindi ko ito magagawa kahit na malakas ang tawag ng laman na angkinin ka. But when I make love to you, I want you clear-headed. At gusto kong masiguro na ’yun talaga gusto mo, hindi dahil may tao kang gustong kalimutan. When I have you, I want all of you.”

Natigilan siya at namula. “P-pero paano ka?”

“Sinabi ko lang na gusto kitang mahalikan. And now, you are thoroughly kissed, sweetheart,” anito at binigyan siya ng isang matamis na halik sa labi bago umalis sa pagkakapatong sa kanya.

Pinamulahan ng mukha ang dalaga nang suriin nito ang kanyang kahubdan. Nginitian siya nito nang matamis at hinaplos ang kanyang pisngi. “You are more beautiful than I imagined. Now, I need a shower. Puwede bang makigamit sa bathroom mo?”

Napatango na lamang si Maricar dahil hindi niya magawang magsalita, para kasing may bikig sa kanyang lalamunan. Gusto niyang maiyak sa pagiging sweet at gentle ni Benedict. May prinsipyo rin ang lalaki at hindi manggagamit. Nagbago na ang impresyon niya rito.

Pero bigla siyang dinaganan ng hiya nang mag-replay sa isipan ang nangyari sa kanila ni Ben. *Oh, goodness, ano’ng ginawa ko? Anong mukha ang ihaharap ko kay Ben?*

He tasted her like a delicious dessert and he pleased her beyond her imagination. Dama pa niya kung paano siya nito hinalikan, ang balat niya ay may init pa rin na dala ng haplos nito. And the way he kissed and licked her all over, she shivered when she remembered the pleasure.

Pero ngayong naputol na ang spell, gusto niyang himatayin sa matinding kahihyan. Napapikit siya at napadaing. Nadala talaga siya sa halik ni Ben at kung hindi tumigil ang lalaki ay tiyak na may nangyari na

sa kanila. Dumoble pa ang kanyang kahihyan dahil hindi siya nito inangkin kahit na halos nagmakaawa na siya.

Naihilamos ni Maricar ang mga kamay sa kanyang mukha. Hiyang-hiya talaga siya. Napaangil siya at napatalukbong. Ipinikit niya ang mga mata at umasa na magawa niyang makatulog agad bago pa lumabas ng banyo si Benedict. Bukas na bukas din ay lilisanin niya ang lugar. Iyon lang ang paraan para maiwasan ang lalaki. Hindi niya makakayang makita ito ulit pagkatapos ng nangyari.

Dahil hindi nagawang makatulog ni Maricar nang nagdaang gabi, ramdam niya ang puyat at epekto ng alak. Nang ipikit niya ang mga mata, mabigat iyon na ibuka ulit. Kaya naman tulog na siya nang lumabas si Benedict ng banyo.

Kinabukasan, agad siyang nag-search ng iba pang tourists destination at nag-check out siya sa tinutuluyang resort. Hindi na niya kailangan pang hintayin na balikan siya ni Benedict dahil pagkatapos ng nangyari, grabe ang pagkapahiyang naramdaman niya. She had not forgotten what happened or what almost happened. Alam niyang isang karuwagan ang ginagawa niya pagkat magkikita rin sila ulit, pero hindi lang sa ngayon.

After two weeks of vacation, Maricar felt renewed. Her heart was not aching anymore from Josh and Alena's betrayal. Pero mayroon siyang hindi makalimutan kahit na pilit niya iyong iwinaksi sa isipan, si Benedict.

Si Samantha mismo ang sumundo sa kanya kasama ang best friend nitong si Janice. Kaibigan na rin niya ang huli kaya nang malaman niyang naghahanap ito ng bagong matitirhan ay agad siyang nag-alok na sa kanila na lamang ito tumuloy para may makasama siya. Sa ganoon ay mapapanatag na rin ang loob ng ate niya.

Nagulat naman ang kapatid niya nang tanggihan niya ang imbitasyon nitong mag-dinner siya sa bahay nito. Naghanap siya ng dahilan na kesyo gusto niyang magpahinga dahil kararating lamang niya. At kailangan niyang ihanda ang magiging silid ni Janice. Pero ang totoo, umiwas siyang dumalo dahil alam niyang inimbata rin ng mag-asawa si Benedict. Hindi pa siya handa na makaharap muli ang lalaki.

CHAPTER *Four*

*A*raw ng Lunes, pauwi na sana si Maricar galing sa trabaho, pero naisipan niyang sumaglit na muna sa isang mall dahil may kailangan siyang bilhin.

Patungo na siya sa parking area ng mall nang biglang may humablot sa kanyang braso. Napatili siya at nabitawan ang hawak na shopping bag.

“Hey, it’s only me,” sabi ng lalaking hindi niya inasahang magpapakita pa sa kanya. Pinangarap nga niyang hindi na magkatagpo pa ang kanilang landas habambuhay.

Lumukob ang matinding galit sa kanyang dibdib nang makaharap ang dating nobyo. Matalim na tingin ang ipinukol niya rito. “Bitawan mo ako!”

asik ni Maricar na nagtatagis ang mga bagang. Agad siyang pinakawalan ng lalaki.

“Gusto lang kitang makausap kahit sandali. Alang-alang man lang sa pagkakaibigan n’yo ni Lena. Hiniling niya sa akin na humingi ng tawad sa ’yo. Gusto ka rin niyang makausap, pero siguradong hindi mo naman siya haharapin. Ako na itong naghahanap ng paraan para makausap ka.

“Patawarin mo na kami. Sa totoo lang, ikaw naman talaga ang gusto ko kaya lang nahulog ako sa pang-aakit ni Alena. Buntis siya kaya kailangan ko siyang panagutan. But I wish it was you,” pahayag ni Josh.

Isang matunog na sampal ang tumama sa mukha nito. “I’m glad it wasn’t me. Walang kuwenta kang lalaki. Si Alena pa ang sinisi mo. At ngayon, sasabihin mo pa rin na ako ang gusto mo? Masyadong makapal ang mukha mo, ’no! Huwag ka na ulit lalapit pa sa akin, naiintindihan mo? Nandidiri ako sa ’yo!”

“Nandidiri? Ikaw ang nagtulak sa amin para magkalapit kami. So, kasalanan mo,” mainit na sagot ng lalaki habang hawak ang mapulang pisngi.

“Bagay nga kayong dalawa, parehong mga ahas!”

“Maricar, hina-harass ka ba ng lalaking ito?” tanong ng isang tinig-lalaki na biglang sumingit sa

kanila.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga at natameme siya nang makita ang galit na mukha ni Benedict. Nakatayo ito sa kanyang tabi. He was glaring dangerously at Josh. She had not expected to meet him today and especially not in this situation. Mas lalo pa siyang nahihiya sa lalaki.

“At sino ka naman para makialam sa usapan namin ni Maricar? Tatay ka ba niya?” pasarkastikong tanong ni Josh.

Isang malakas na suntok ang isinagot ni Benedict na ikinatumba dating nobyo ni Maricar. Wala itong panlaban sa una. Matangkad si Benedict at matipuno, samantalang pandak at tabain si Josh.

Napatutop niya ang bibig nang makitang duguan ang bibig ni Josh.

“Binabalaan kita. Huwag ka na ulit lalapit pa kay Maricar. Hindi isang suntok ang mapapasaiyo kung magpupumilit ka pa. Kulang pa ’yan sa ginawa mo sa kanya. At sasagutin ko na rin ang tanong mo kung sino ako. I am the man who cares for her. May problema ka?” asik ni Benedict.

Lumukso naman ang puso niya dahil sa sinabi nito. Ipinagtanggol siya ng binata. Hinawakan niya ang braso nito. “Hayaan na natin siya, Ben.” Marami-

rami na kasing taong napatigil at napapabaling sa kanila. “Come on, iwan na natin siya,” aniya, sabay hatak dito.

Pinulot ng lalaki ang nabitawan niyang pinamili. “Thahatid na kita sa kotse mo,” sagot nito at inakay siya paalis sa harapan ni Josh. Hindi makatanggi si Maricar

“Thank you, ha? Hindi ko lang inasahan na magpapakita pa siya sa akin,” paliwanag niya na hindi makatingin nang direktso.

“Walang anuman. Nagkataong patungo rin ako sa kotse ko nang mapansin ko kayo. Pasensya na at hindi ako nakapagpigil.”

Nag-angat siya ng paningin at nagkatitigan sila. “Tama lang ’yun sa kanya. Salamat,” sagot niya na hindi mapigil ang pag-iinit ng mga pisngi.

Tumango lang ang lalaki at ngumiti. Lumundag ang puso niya. Hinintay pa nito na makaalis siya sa parking area bago ito tumungo sa nakaparada nitong kotse.



Araw ng Sabado, nagkatagpo ulit sila ni Benedict. Kalalabas lamang ni Maricar sa isang clinic kung saan siya nagpa-check ng blood pressure niya. Aksidenteng nagkasalubong sila ng binata.

Napahinto siya at napatingala. Nagkatitigan sila at halos hindi siya makahinga. “H-hi, Ben.”

Nakangiti itong bumati. “Hi, Maricar. Kumusta?”

“I’m fine. Thanks.”

“That’s good. Can I invite you to dinner?”

Napasinghap siya. “What?” Hindi siya sigurado kung tama ba iyong narinig niya.

“S’abi ko, okay lang bang mag-dinner tayo mamaya?”

Naumid ang dila ni Maricar. “You and me?” Halos hindi niya marinig ang sariling tinig dahil sa matinding kabog ng dibdib.

Nakangiting tumango-tango ito. “Yes. Huwag mong sabihing isinumpa mo na ang lahat kong kalahi?” tudyo pa nito.

Inirapan niya ito. “Hindi naman lahat parepareho, di ba? So, hindi ko hinuhusgahan ang lahat.”

“So, payag ka na?”

“I... ah—” Hindi siya nito pinatapos.

“Please, no excuses. Sagutin mo lang ako ng oo o hindi.” Seryoso itong nakatingin sa kanya at ang mga mata nito ay parang nakikiusap.

Hindi niya napigil ang pagsilay ng kanyang ngiti. Mahirap tanggihan si Benedict lalo na at parang nagsusumamo ang mga mata nito. Bakit ba hindi

niya pagbigyan ang sarili na malayang makipag-date ulit? “Oo na.”

Lumawak ang pagngiti nito. “Salamat naman. Akala ko tatanggihan mo ako.”

Napahagikgik ang dalaga. “Hindi ka sanay matanggihan?”

“Hindi naman sa gan’un. Nakakadismaya kaya kung hindi mo makukuha ang bagay na gustong-gusto mo. I have to admit, I am dying to ask you for a date.”

Tumaba ang puso niya sa sinabi nito. “Well, panahon na para lumabas ulit ako. Sana lang hindi ako nagkakamali sa panibago kong impresyon tungkol sa ’yo.”

Kinindatan siya nito. “Stay close with me so you’ll find out. Sunduin na lang kita mamayang six ng gabi?”

“Okay. Kailangan ko nang umalis, naghihintay sa akin ang ate ko.”

“Ingat. See you later.”

Tila nagdi-daydreaming pa rin si Maricar nang makapasok na sa kotse niya. Talaga bang pumayag siyang makipag-date kay Benedict?



Excited si Benedict na makasama ulit si Maricar.

Tinakbuhan siya nito noong nasa bakasyon sila. Hindi niya nakalimutan kung paano ito natunaw sa mga bisig niya nang halikan niya ito. Naalala niya ang amoy nito, ang mapupungay na mata, malambot na balat, at ang mabangong buhok. Ano ba ang pinagsasabi niya? Talagang hindi niya makakalimutan ang lahat tungkol kay Maricar. Madalas itong nasa kanyang isipan lalo na ang namagitan sa kanila.

Ngayon gusto niyang magpasalamat kay Arnel dahil itinulak siya nito kay Maricar. Nabigyan siya ng pagkakataong mapalapit sa dalaga at mahalikan ito. She's sweet like a nectar. Smooth skin all over and she was passionate.

He liked women, he indulged in them. He caressed and kissed them, and enjoyed their company in bed. Pero sa buong buhay niya ay iisang babae lang ang minahal niya—si Danica, ang childhood sweetheart niya. They grew up as neighbors, as friends and lovers.

Minsan na niya itong inalok ng kasal, pero tinanggihan siya nito. Instead, she chose to continue her modelling career in the States. Ipinangako naman ni Danica na pagbalik-bansa nito ay malamang handa na itong pakasalan siya.

But he turned cold from the broken heart. Hindi niya sinagot ang mga emails at tawag nito. Bagkus, sinikap niyang kalimutan ang mahabang relasyon nila na nauwi sa cool-off. Gayunpaman, para sa kanya ay hiwalay na sila ng dating mahal.

Panahon na siguro upang subukan niya muling buksan ang puso niya para sa ibang babae. Tatlong taon na rin naman ang lumipas.

Si Maricar? Kakaiba ito sa mga babaeng nakilala niya. Sinabi ni Samantha na pag nagmahal ang kapatid nito ay talagang todo. That was why he had a soft spot for her. She was not one of those women who wanted a man for wealth and social status. Hindi lang atraksyon at pagnanasa ang nararamdaman niya sa dalaga, higit pa roon. Nahuhulog ang puso niya rito.

Heto siya ngayon, sinusundo si Maricar para sa unang date nila. Maraming babae ang nahuhulog sa kanya pero kakaiba ang kapatid ni Samantha. Para sa kanya, espesyal ang dalaga. Madali itong basahin at hindi peke ang emosyong nakikita niya sa mga mata nito.

Napapigil-hininga siya nang pagbuksan siya nito ng pinto. She's beautiful and her smile stirred his lust and his heart beat fast.

“You are gorgeous!” naibulalas niya, pagkatapos itong suriin nang may paghanga sa mga mata.

Ngumiti ito at sinuri rin ang kabuuan niya. “My, you are not bad yourself. Sigurado ka bang ako ang gusto mong maka-date?”

“Yes, cross my heart.” At nginitian niya ang babae nang matamis. “Bulaklak para sa ’yo.” Iniabot niya rito ang dala niyang bouquet.

“How lovely and sweet! Salamat, Ben,” masayang bulalas ni Maricar nang tanggapin ang dala niyang flowers. Nasa mukha nito ang kasiyahan. Ngayon pa lang ay maganda na ang gabi niya dahil sa mga ngiti nito.

“Handa ka na bang umalis?” tanong ni Benedict.

“Yeah.”

Ini-offer niya ang isang braso at ikinapit ni Maricar ang kamay roon. Iginiya niya ito patungo sa naghihintay niyang kotse.

“Hmm... gentleman ka pala.”

Isang matamis na ngiti ang isinukli niya. Gusto niyang maging memorable ang una nilang date.



Inihinto ni Benedict ang kotse sa isang classy restaurant. Pinagbuksan nito ng pinto si Maricar at inilahad ang kamay para tulungan siyang lumabas

ng kotse. Wow, she was flattered by the treatment! Maginoo pala ang lalaki kung makipag-date kaya maraming babaeng nahuhulog dito.

Hindi nito binitawan ang kamay niya nang papasok na sila ng restaurant. It was a sweet, romantic gesture. Ngayon lang niya naramdaman ang ganoong excitement sa isang date. Nakapaskil ang ngiti sa mga labi niya.

Pero biglang napalis ang ngiti niya nang makasalubong nila ang dalawang babaeng papalabas ng restaurant. Painsulto ang tinging ipinukol ng mga ito sa kanya. Sinadya pang huminto sa daraanan nila ang dalawa.

“Hi, Ben. Hindi ko akalain na nagbago na pala ang panlasa mo.” Sinuyod ng isang babae ang kabuuan niya. Na-conscious si Maricar at napangiwi. Parehong elegante, sopistikada, slim, at matatangkad ang dalawang babaeng kaharap nila. Wala siyang dating kumpara sa mga ito. Sa height pa lang ay ang layo na nila.

Pilit niyang hinablot ang kamay niyang hawak ni Benedict, pero ayaw siya nitong bitawan.

“Tama ka, Gwyneth. I actually found out that I like cute and petite. At walang kaplastikan sa katauhan na na-appreciate ko. If you don’t mind,

ladies, please excuse us. Our table is waiting inside,” wika ng binata na nakangiti nang malapad.

“Hindi ako naniniwalang mahuhulog ka sa ganyang klase ng babae, Ben. You used to have good taste. Sa palagay ko, nabo-bore ka lang kaya pansamantala ay nag-iba ka ng preference. I don’t think you’d last long with this fling. You would be bored to death,” sabi pa ni Gwenyth. Nagtagis ang mga ngipin ni Maricar sa insulto nito.

Pinisil niya nang mahigpit ang kamay ni Benedict at bumaon pa nga ang mga kuko niya sa balat nito. Kung hindi pa sila tantanan ng dalawang bruha, makakatikim talaga ang mga ito ng talas ng dila niya. Hindi siya basta-basta tatayo na lang at nagpapainsulto.

Pero si Benedict na mismo ang nagtanggol sa kanya. “Well, this is me now having a good taste. Ngayon ko lang natagpuan ang babaeng hinahangaan at nirerespeto ko. Kung wala na kayong ibang sasabihin, excuse us. A wonderful night awaits us.”

Nakita niya ang pagkagulat at pamimilog ng mga mata ng dalawang babae bago nila nilampasan ang mga ito.

“Old fling?” tanong niya na hindi maitago ang

pagkairita sa tono.

“Yeah. Pasensya ka na d’un. Bitter lang ang babaeng ’yun. Ako kasi ang tumapos sa short affair namin nang malaman kong ginagamit lang niya ako.”

“Kaya pala hindi ka nakakahanap ng matinong karelasyon kung gan’ung babae naman ang pinapatulan mo.”

“Kaya nga gusto ko na ng seryoso.” At kinindatan siya nito.

“Pero bakit ako?”

“Ibang-iba ka sa mga babaeng nakilala ko, Maricar.”

“Paano naman ako naiiba?”

Ngumiti ito nang totoo. “Unang-una, ikaw ang tipo ng babaeng nirerespeto at sineseryoso. Pangalawa, totoong type ko ang cute and petite na tulad mo. Pangatlo, ikaw lang ang nagbibigay sa akin ng kakaibang epekto sa una pa lang nating pagkikita. O, hayan, inamin ko na kung ano ang nagustuhan ko sa ’yo.”

Naantig ang puso ni Maricar sa sinabi ni Benedict. Totoo kayang may damdamin talaga ang lalaki sa kanya? Titingnan na lang niya kung ano ang naghihintay sa kanila sa gabing ito.

Nagsisimula na silang kumain nang mapaisip siya at napansin iyon ng binata.

“Hey, hindi ba masarap ang pagkain? Tinitigan mo lang ang pagkain,” untag nito sa kanya nang tumigil siya sa pagsubo.

“Masarap naman. May naisip lang ako.”

“Hmm... care to share?”

Nginitian niya ito na may kislap sa mga mata. “Iniisip ko lang na ngayong idini-date mo ako, kailangan ko na yatang patulisin ang mga kuko ko para maidepensa ko sarili ko laban sa dati mong mga nakarelasyon.”

Mukhang na-amuse ang lalaki sa sinabi niya. “Iyan ang isang character na gusto ko sa 'yo, palaban ka. But they never had any claim toward me. “

Isang tango lang ang isinagot ng dalaga.

“Wag mo sana akong pagtaguan ulit,” sabi ni Benedict na may nakakalokong ngiti.

Napatigil siya sa pagsubo at napakunot-noo. “Hindi kita pinagtataguan, ha!”

“Talaga? Kung gayon, bakit bigla ka lang nawala n'ung nasa bakasyon tayo? Nang makabalik dito sa Maynila, iniwasan mo naman ako.”

Pinamulahan si Maricar ng mukha. “Nahiya ako d'un sa nangyari. Nakita mo kasi ang kahinaan

ko. Pinakiusapan ka pa ni Arnel na i-check ako. Galing sa puso mo 'yung nakita kong sympathy at concern sa mga mata mo nang araw na 'yun. Hindi 'yun inutos ng bayaw ko. Ikaw ang pinakahuling tao na ini-expect kong magmalasakit at magbigay ng comfort sa panahong down ako. At saka pagkatapos ng..."

"Halik?" Ang lalaki ang tumapos sa kanyang sasabihin.

Mas lalo pang namula ang mga pisngi niya. "Yes. You kissed me and I... seemed to forget myself. Nahiya ako d'un. Hindi kita kayang harapin pagkatapos n'un, kaya pinili kong maging duwag at tumakbo."

"Pero wala ka namang dapat ikahiya d'un. Ako 'yung nag-umpisa. Ako 'yung humingi ng halik. Kung may dapat mang sisihin, ako 'yun. Nasa impluwensya ka kasi ng alak at brokenhearted at that time."

Napakagat-labi ang dalaga nang marinig ang sinabi ni Benedict. Nagkasukatan sila ng tingin. Para siyang na-hypnotize sa malagkit nitong titig. Pumintig nang mabilis ang puso ni Maricar. Natameme siya at halos hindi siya makahinga. Gusto niyang halikan na lamang ulit siya ng binata

at ipadama sa kanya na espesyal siya.

Ilang segundong katahimikan ang namagitan habang magkahinang ang mga mata. Napatikhim si Benedict at naunang nagbawi ng paningin.

“Anyway, binalikan kita sa resort mo kinaumagahan at nalaman kong naka-check out ka na. Na-enjoy mo ba ang bakasyon mong ’yun?”

Ngumiti si Maricar. “Oo. How about you?”

“Yes, very much so. It was unexpected,” sagot nito na nakatitig sa kanya.

Nagbaba si Maricar ng paningin, pero hindi niya maitatago ang pamumula ng mga pisngi.